| FINANCE OFFICE<br>156 S. BROADWAY, SUITE 114<br>TURLOCK, CA 95380-5454<br>209-668-5570 | POLISIYA #: 97-03<br>MSI #: |
|---|---|
| KODIGO NG SANGGUNIAN: | ORIHINAL NA PETSA:<br>10/27/97 |
| PAKSA:<br>POLISIYA PARA SA PAMAMAHAGI NG MGA NAKOLEKTANG RESIBO PARA SA MGA PAGBABAYAD SA UTILIDAD | PETSA NG REBISYON:<br>07/19/19 |

**<u>Pakahulugan ng Isyu</u>**:

Ang mga siningil na bayarin sa utilidad sa mga kostumer ng utilidad ng Lungsod ay dapat bayaran kapag natanggap. Nakatukoy ang petsa ng delingkuwensiya sa pahayag, pagkatapos ay may dagdag na dalawampu't limang dollar ($25.00) na singil sa pagiging delingkuwente na idadagdag sa account.

**<u>Pamamahagi ng Resibo</u>**

Ikinekredito ang mga resibo sa account ng mga kostumer ayon sa mga hindi pa nababayarang singil. Ang lahat ng mga nakaraang singilin ay kailangang bayaran, kabilang ang anumang kabayaran sa pagiging delingkuwente, bago pahintulutan ang anumang kredito sa mga kasalukuyang pagsingil.

Ang anumang kabayaran sa pagiging delingkuwente ay itinuturing na nakaugnay sa panahon kung kailan dapat bayaran ang delingkuwensiyang iyon. Samakatuwid, ang buong pagsingil sa pagiging delingkuwente pati ang (mga) kabayaran sa pagiging delingkuwente ay dapat bayaran nang buo bago pahintulutan na matanggap ang anumang kredito sa mga kasalukuyang singil.

Ang kostumer na nagbabayad ng singil para sa kasalukuyang panahon nang hindi binayaran ang anumang nakaraang karagdagang kabayaran sa pagiging delingkuwente ay ikekredito muna para sa nakaraang panahon ng kabayaran sa pagiging delingkuwente, at kasunod ang mga kasalukuyang singil.

Halimbawa:

| | |
|---|---|
| Kabayaran sa Singil sa Pagiging Delingkuwente noong Mayo | $ 25.00 |
| Bill noong Hunyo | 53.55 |
| Balanseng Dapat Bayaran | $ 78.55 |

Ang natanggap na kabayaran na $53.55
ay ibabahagi gaya ng sumusunod:

| | |
|---|---|
| Ilalapat sa multa sa Mayo | <$ 25.00> |
| Ilalapat sa Bill noong Hunyo | < 28.55> |
| | |
| Balanseng Dapat Bayaran | $ 25.00 |

May matitira pa ring hindi nababayarang $25 sa mga singil sa Hunyo na magreresulta sa dagdag na isisingil na multa, kung hindi mabayaran ang $25 na Balanseng Dapat Bayaran bago ang petsa ng delingkuwensiya ng Hunyo.